3


Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City


# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS (USLeM)

# MATHEMATICS 3

## Quarter 4 Week 7


**DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM**

Writer: Maripaz B. Cabucana
Illustrator: Maripaz B. Cabucana

Management Team:

Regional Director : Malcolm S. Garma

SDS : Margarito B. Materum

CLMD Chief: Genia V. Santos

CID Chief : Ellery G. Quintia

Regional EPS (Math.): Bernadeth C. Daran

Regional LR Supervisor : Dennis M. Mendoza

SDO EPS (Math.) : Mirasol I. Rongavilla

SDO LR : Daisy L. Mataac

Regional Librarian :

Librarian II : Joseph Son



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.**

**ARALIN 7:** Infers and interprets data presented in different kinds of bar graphs (vertical / horizontal).


## MGA INAASAHAN

Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- Nahihinuha at nabibigyan ng kahulugan ang datos na makikita sa iba't-ibang uri ng bar graph.

## UNANG PAGSUBOK

Panuto: Gamit ang mga datos sa graph, sagutin ang mga sumusunod na tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




1. Aling laro sa Math ang pinakapaborito ng mga batang mag-aaral sa ikatlong baitang? ___________________________________
2. Aling laro sa Math ang pinakakaunti ang pumili? ______________
3. Ilang mga bata ang naglalaro ng Sudoku? ___________________
4. Ilang mga bata ang naglalaro ng Damath? __________________
5. Ilang mga bata ang sumagot sa survey? _____________________



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## BALIK TANAW

A. Panuto: Kumpletuhin ang talahanayan batay sa mga datos na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Paboritong Palabas sa TV**
**ng mga Mag-aaral sa Ikatlong Baitang**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pinoy Record | MathDali | Sineskwela | Art Angel |
| MathDali | AHA | Math Tinik | MathDali |
| Sineskwela | Art Angel | MathDali | Math Tinik |
| Hiraya Manawari | Math Tinik | Hiraya Manawari | Pinoy Record |
| AHA | Sineskwela | MathDali | Math Tinik |

| Palabas sa TV | Tally | Kabuoan |
|---|---|---|
| AHA | | |
| Art Angel | | |
| Hiraya Manawari | | |
| MathDali | | |
| Math Tinik | | |
| Pinoy Record | | |
| Sineskwela | | |

B. Panuto: Gumawa ng patayo (*vertical*) o pahalang (*horizontal*) na *bar graph* gamit ang mga datos na iyong nabuo sa talahanayan.



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN


Ang bar graph ay ginagamit sa paghahambing o pagpapakita ng kalakaran ng sukat. Naipapakita nito ng kaugnayan ng dalawang ideya o paghahambing ng dalawang magkaugnay na ideya.

May dalawang klase ang bar graph:

1. Patayo (Vertical)




2. Pahalang (Horizontal)






(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

**Panuto sa pagbasa ng bar graph:**

1. Suriin kung anong datos ang nakalagay sa kaliwa at sa ibaba ng graph.
2. Ang datos na binubuo ng mga bilang ay tinatawag na *scale*. Ito ay nakaayos mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas.
3. Ang *value* ng bawat bar ay makikita kung saan ito tumapat sa *scale*.


Halimbawa:

Sa dalawang klase ng bar graph na ipinakita sa unahan, mapapansin natin na hindi lahat ng bilang ay nakasulat. Ang bar ang kumakatawan sa bilang ng mga bata na pumili ng kanilang paboritong pagkain sa kanilang kaarawan.

Kung titingnan natin, sorbetes ang pinakapaboritong pagkain ng mga bata sa kanilang kaarawan. Ang pumili nito ay 75 na mag-aaral. Ang sumunod ay ang keyk na 70 naman ang pumili. Ang pumili ng spaghetti ay 60, ang pumili ng hotdog ay 55 at 40 naman ang pumili ng lumpia. May kabuoang bilang na 300 na bata ang sumagot sa survey.

## GAWAIN 1

Panuto: Gamitin ang mga datos sa graph sa ibaba at sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.





**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

1. Ano ang ipinapakita ng graph?
2. Sinong superhero na pinakapaborito ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang?
3. Sinong superhero ang may pinakakaunting bilang na pumili?
4. Ilang mag-aaral ang pumili ng Wonderwoman?
5. Ilan lahat ang batang sumagot ng survey?

## GAWAIN 2

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong gamit ang mga datos ng graph na nasa ibaba nito. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.





1. Ano ang pinakamabentang inuming pambata sa tindahan ni Aling Leny?
2. Ano ang inuming kakaunti ang bumili?
3. Ano ang kabuoang bilang ng mga bumili ng mga inuming pambata sa tindahan ni Aling Leny?
4. Sa iyong palagay bakit gustong-gusto ng mga bata ang Yakult?
5. Kung ikaw ay bibili sa tindahan ni Aling Leny, alin sa mga inumin na nabanggit ang pipiliin mo? Bakit?



(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## GAWAIN 3

Panuto: Sagutin ang gawain sa ibaba. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.




1. Ano ang impormasyon na ipinakita sa graph?
2. Ano ang lugar na nais marating ng maraming mga bata?
3. Ilang mag-aaral ang gustong makarating sa Cebu?
4. Ilan ang mga batang sumagot sa survey?
5. Kung ikaw ang tatanungin, saan sa mga lugar na ito ang gusto mong puntahan? Bakit?


## TANDAAN

Ang **bar graph** ay ginagamit sa paghahambing o pagpapakita ng kalakaran ng sukat. Naipapakita nito ang kaugnayan ng dalawang ideya o paghahambing ng dalawang magkaugnay na ideya. Sa paghinuha at pagbigay-kahulugan sa mga datos sa bar graph, suriin kung anong datos ang nakalagay sa kaliwa at ibaba ng graph. Ang mga bilang ay maaaring nakalagay sa patayo o pahalang na aksis. Kung mangyaring tumapat ang itaas o ibaba ng patayo o parihaba sa gitna ng dalawang, numero, ang sukat nito ay ang numero na nasa pagitan ng dalawa. Ito ay nakaayos mula pinakamababa hanggang pinakamataas.


**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

A. Pag-aralan ang graph. Sagutin ang mga tanong sa ibaba ng graph. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.





1. Anong impormasyon ang ipinapakita sa graph?
2. Ano ang asignaturang pinaka-gusto ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang? Bakit?
3. Alin ang asignaturang may pinakakaunting bilang na pumili?
4. Ilang mag-aaral ang pumili ng Mathematics?
5. Ilan lahat ang batang sumagot ng survey?



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

Panuto: Pag aralan ang bar graph sa ibaba. Gamit ang mga datos sa graph, sagutin ang mga tanong sa ibaba nito. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.




1. Anong impormasyon ang ipinakita sa graph?
2. Ano ang *social networking site* na pinakagusto ng mga bata?
3. Ilang mga bata ang mahilig magTikTok?
4. Anong social networking site ang bihirang gamitin ng mga bata?
5. Ilan lahat ang sumagot ng survey?

(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## ANSWER KEY

**Balik Tanaw**

| Palabas sa TV | Tally | Kabuoan |
|---|---|---|
| AHA | II | 2 |
| Art Angel | II | 2 |
| Hiraya Manawari | II | 2 |
| MathDali | IIIII | 5 |
| Math Tinik | IIII | 4 |
| Pinoy Record | II | 2 |
| Sineskwela | III | 3 |

**UNANG PAGSUBOK**

1.Math Puzzle
2.Kakuro
3.40
4.45
5. 200

**GAWAIN 1**

1.Paboritong Superhero ng Mga Bata sa Ikatlong Baitang
2.Superman
3.Black Panther
4. 40
5. 200

**GAWAIN 2**

1.Yakult
2.Yogart
3.60
4. Malayang sagutan ng mag-aaral
5. Malayang sagutan ng mag-aaral

**GAWAIN 3**

1.Lugar na Gusto Puntahan ng Mga Bata sa Ikatlong Baitang Pagkatapos ng Pandemya
2.Baguio
3.5
4. 55
5. malayang sagutan ng mga mag-aaral

**PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN**

1.Paboritong Asignatura ng mga Mag-aaral sa Ikatlong Baitang
2.Filipino
3.Araling Panlipunan
4. 60
5. 250

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1.Paboritong Social Networking Site ng mga Bata sa Ikatlong Baitang
2.YouTube
3.40
4. Twitter
5. 200



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**